# Ang Tinapay Ng Buhay



## Lingguhang Pagkain

Issue 10



"Ang tamad ay nangangarap ngunit hindi natutupad, ang hangarin ng masikap ay lagging nagaganap."

Kawikaan 13:4

## MAGHAPONG NAGTUTUTULOG… PAGHIHIKAHOS AY DUDULOG

**"Napadaan ako sa bukid at ubasan ng isang tamad. Ito'y puro dawag at mahalagang damo. Naguho na ang bakod nito. Pinag-isipan koi tong mabuti at may nakuha akong magagandang aral: Kaunting tulog, bahadyang idlip, sandaling pahinga at paghalukipkip, samantalang namamahinga ka ang kahirapa'y darating na parang magnanakaw upang kunin ang lahat ng kailangan natin." (Kawikaan 24:30-34)**

Ang tao ay may kanya-kanyang opinion, pag-uugali at pagpapahalaga sa trabaho. Gayun pa man, maraming dahilan ang dapat isaalang-alang ukol dito, gaya ng ano ang gagawin, paano tio gawin, at ilang oras ang paggawa. Gayun din ang kagustuhan na matugunan ang mga personal na pangangailangan at ang sariling pamilya. Isa pa, ay ang pagnanais na madagdagan ang pananalapi at matustusan ang tinatapos na proyekto, o ang kagustuhan masiyahan ang amo, o ang pagnanais na mabigyan ng kaluguran ang Panginoong Diyos.

Nagkakaiba rin ang mga tao sa paghati-hati ng kani-kanilang oras. May itinakdang oras para sa pahinga at sa paggawa. May takdang oras para sa panalangin sa Diyos, at may oras din para sa pamilya. May oras para sa pagtulog na kailangan ng katawan at oras ng paglilibang na kinakailangan din ng isipan.

Ang taong tumanggap sa Panginoon ay ligtas, at minsa'y nagsasabing kanya na ang lahat pati na ang buhay na walang hanggan. Kaya't pabayaan daw siyang matulog pa ng ilang sandal at magbabad sa higaan! "Bakit ako magmamadali sa pagtatrabaho?" Ang daigdig nga ay nilikha ng Diyos sa loob ng anim na araw at inilaan ang araw ng Sabbath para mamahinga!"

Ang lahat ng nabanggit at nasulat ay mainam at walang maaaring makitang mali. At may paggalang ako sa mga tao kung paano nila mahalin ang kanilang trabaho, kung paano nila hatiin ang kanilang oras, at ang kanilang mga layunin sa pagsusumikap sa trabaho. Hindi ako naparito upang magpaala-ala ng kahalagahan nito kundi upang kayo ay pukawin at pag-iisipan kung ano ang maaaring makasira sa Gawain. May isang napakasamang kasalanan, ito ay tinatawag na "**katamaran".** Kung kayo ay hindi pa nagtatrabaho at kasalukuyan pa lamang naghahanap, o kung kayo ay may karamdaman at walang kakayahan upang magtrabaho, ang mensahen ito ay hindi para sa inyo.

Ang katamaran ay isang sakit na maaaring makahawa sa bata o matanda, anak man o magulang. Sumasapit ito sa mga hindi mananampalataya at kung minsan pati na rin sa mga taong nasa loob ng Iglesia. Mula sa mga bata hanggang sa matanda, walang pinipiling lahi o kulay, babae man o lalaki lahat ay naaapektuhan nito sa magkatumbas na dami. Mag-ingat, ito ay isang nakakahawang sakit at walang pananggalang ditto. Ang iba ay nasa pasimula pa lamang na bahagdan ngunit ang iba ay nasa malala ng katayuan. At ang masaklap ay wala itong gamut, kung minsan tayo ay nakakalampas ditto ngunit madalas na ito ay umuulit. Maaari itong makuha mo sa iyong kapitbahay at pagkatapos ay maisalin sa iyong katabi. Sa katotohanan lahat tayo sa isang pagkakataon sa ating buhay ay naging tamad, maaaring ito ay nagaganap sa ngayon o nakalipas na. Maaari din naman na sa labas na kaanyuan ikaw ay masyadong abala ngunit sa iyong kalooban ikaw ay tamad.

Ang bahagi ng Bibliyang nabanggit ay mula sa Aklat ng Kawikaan na isinulat ni Haring Solomon, ang taong kilala sa maraming bagay higit sa lahat sa kanyang katalinuhan. Ang hari ay namamasyal sa kanyang kaharian at napansin niya ang mga abala, ang mga masisipag ganoon din ang mga tamad. Napadako siya sa bukirin ng tamad. Ang tinutukoy ay maaaring ubasan, tahanan, pamilya, pagawaan, hospital, banko, paaralan, pamilihan, kagawaran o maaaring Iglesia. Sa pasimula, hindi agad nakita ni Solomon ang tamad subalit ng pagmasdan niyang mabuti ang bukirin, alam niya na ang may-ari nito ay isang tamad dahil nakita niya ang mga sumusunod:

1. **Ang mga tinik na nagkalat:** Dahil hindi na muli pang nagtanim ang may-ari ng bagong binhi ang lupa ay bakante, ang kanyang ubasan, pamilya, trabaho, ang kanyang ministeryo ay hindi namumunga, at ang mga tinik ay naglabasan na sa lupa.
2. **Ang lupa ay puno ng mga damo:** Ang may-ari ay hindi na nag-abala na alisin ang dawag sa lupa, o itama ang mali sa kanyang buhay at ilagay ito sa tamang direksiyon.
3. **Ang bakod na bato ay sira:** Hindi siya nababahala na pangalagaan ang kanyang ubasan, o panatilihin ang kanyang trabaho, pamilya, pag-aaral, o ministeryo. Hindi siya nababahala at walang balak kumpunihin ang bakod, ni mapangalagaan ang kanyang bukirin sa halip madali niya itong isuko at ipamigay sa iba.

Ipinakilala ni haring Solomon ang tamad na isang taong kulang sa dunong at paghusga. Pinagmasdan niyang mabuti kung ano ang nagaganap sa ubasan: Sa pusong may pagmamahal (iniaangkop ko rin ang aking puso sa aking napagmasdan) napagtibay niya ang isang aral na kanyang natutunan. Ginamit niya ang salitang ‘kaunti’ ng tatlong ulit upang ipakilala ang moog ng katamaran. Ang kaunti kung madadagdagan pa ng kaunti ay magiging marami. At ang tatlong kaunting bagay na ito ay:

1. **Kaunting tulog:** Ang ilang dagdag na oras sa iyong pagtulog ay sapat na upang ang iyong ministeryo ay hindi magbunga, lumiit ang iyong sahod, at maaaring mawalan ka pa ng trabaho. Ang iyong pagsasakatuparan sa iyong pag-aaral ay bababa, pati ang iyong pananalangin ay mababawasan ng bias.
2. **Kaunting paghimlay:** Sa pagpikit ng iyong mata sa mga dawag at tinik, o ano mang kamalian sa iyong Gawain, pamilya o relasyon, ay hindi ito magbubunga ng mabuti sa halip ay lalong maging kasiraan.
3. **Kaunting paghalikipkip ng kamay:** Sa pagpapalibang o pag-aantala sa iyong Gawain sa ibang pagkakataon, gaya ng huwag ngayon, sa susunod na lingo, buwan, o taon o kaya’y huwag muna ngayon mamaya na lang, ay hindi magbubunga ng pag-unlad sa halip ay lalong mapapaurong sa iyong pag-aaral, trabaho, pagpapamilya at sa iyong ispirituwal na pamumuhay.

Ang espiritu ng katamaran ay nananatili sa ating kalooban na parang natutulog at maaaring nagtatago na gumagamit ng ibang anyo tulad ng tako. Ang palatandaang ito ay makikita sa aklat ng Kawikaan 22:13. **(Ang tamad ay ayaw lumabas ng bahay, ang idinadahilan ay may leon sa daan.)** Maaaring may takot tayo sa ating puso upang gumawa ngunit ang talagang pumipigil sa atin upang kumilos ay hindi dahil sa banta o sa leong nag-aabang sa labas kundi ang ispiritu ng katamaran na nagbabalatkayo sa anyong takot upang ito ay pangalagaan. Suriin mo at pag-aralan ang sarili. Alamin mo kung ito nga ang nangyayari.

Mga minamahal at mga kapatid: walang nagagalak sa karalitaan. Wala ni isa man ang natutuwa sa buhay na walang bunga at naghihikahos. Walang natutuwa sa ministeryong hindi nagbubunga, maging sa trabaho o sa buhay may pamilya. Iniaangkop ko ang aking puso sa aking mga napagmasdan at ito ang nabigay sa akin ng lakas upang masabi koi to ng lubusan. Ang mensaheng ito ay nagministeryo na sa akin bago pa ito maganap sa inyo. Kung tayo ay magtutulog hanggang maghapon at magpapatuloy sa ganitong gawa, may pananalig akong magsabi sa inyo na ang paghihikahos ay malapit ng dumating. Suriin natin at pag-aralan an gating mga sarili kung ang katamaran ay nakikita sa atin sa ating trabaho, pamilya, kaugnayan, ministeryo o maging sa ating simbahan. Daklutin natin ang katamaran habang maaga at habang makakaya pa. At upang ako at ikaw ay mahimok, pagnilay-nilayin natin ang isinasaad sa sipi ng galing sa Bibliya: **“Ang tamad ay nagangarap ngunit hindi natutupad, ang hangarin ng masikap ay lagging nagaganap.” (Kawikaan 13:4)**